KALATAS

Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

TOMO 44 BILANG 5 BASAHIN AT TALAKAYIN MAYO 2024

EDITORYAL

# Ipaglaban ang kalayaan, sahod, trabaho at karapatan!

Ang imperyalismong US ang ugat ng kahirapan ng manggagawang Pilipino. Hangga't nakakubabaw ang imperyalismong US sa bansa kasabwat ang mga lokal na naghaharing uri, patuloy na magdarahop ang buong bayan. Kailangang pangunahan ng uring manggagawa ang paglaban sa imperyalismo at palayain ang lahat ng aping uri sa pang-aalipin at pagsasamantala.

Higit isang siglo nang kontrolado ng imperyalismong US ang ekonomya ng Pilipinas. Ipinataw ng US sa Pilipinas ang ekonomyang nakasalig sa pag-iimport ng mga yaring produkto at nakatuon sa pag-eeksport ng mga murang hilaw na materyales. Kasabay nito, ipinasok ang dayuhang kapital at inilubog ang bayan sa utang. Pinagsamantalahan nito ang murang lakas paggawa ng mga manggagawa habang dinadambong ang likas na yaman ng bansa.

Makatarungan lamang na tumindig ang manggagawa sa unahan ng pakikibaka laban sa imperyalismo dahil ito ang pangunahing pinagsasamantalahan at pinipigaan ng yaman ng mga kapitalista. Imperyalismo ang nagpapataw ng mga neoliberal na patakarang lalong nagpapahirap sa manggagawa at iba pang uri sa daigdig.

Noong dekada 1980, sa ilalim ng diktador na si Ferdinand Marcos Sr., sinimulang ipatupad ang neoliberalismo sa Pilipinas sa kumpas ng imperyalismong US. Higit nitong binigyan ng kapangyarihan ang mga kapitalista na makapanghuthot ng tubo at ganansya at ipinagpatuloy ang pagsasamantala sa murang lakas paggawa ng manggagawa. Isinabatas ng mga sumunod na rehimen ang iskemang *wage rationalization, national labor relations, two-tiered* at mga katulad na nagpabarat sa sahod ng manggagawa; kontraktwalisasyon;



KALATAS

Mayo 2024
TOMO 44 BILANG 5

NILALAMAN

1 Editoryal: Ipaglaban ang kalayaan, sahod, trabaho at karapatan!
3 Ayon kay Ka Joma
4 Pangunahing Lathalain: Pagtalima sa kilusang pagwawasto
5 'Palayain ang Romblon 4!'
6 Bagong Pilipinas: ilusyon at pambabaluktot sa papalubhang malapyudal na katangian ng lipunang Pilipino
8 Protesta ng pakikiisa ng TK para sa Palestine
9 Taas-sahod, panawagan sa ika-135 Pandaigdigang Araw ng Paggawa
10 Tugon ni PdG: Bakit mahalaga para sa manggagawa na magtayo ng unyon?
12 El Niño, nanalanta sa MIMAROPA
12 Pasismo laban sa isang kabataang lider at mga estudyante, kinundena
13 "Libreng" wifi sa Rodriguez, Rizal, para sa sarbeylans, hindi serbisyong publiko
14 3 kumpanya ng maruming enerhiya, tagapangalaga ng Verde Island Passage?
14 Unang taong pagkamartir nina Ka Hunter at Ka Mamay, ginunita
15 Kultura: Sinamantalang salanta

*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Tumatanggap ito ng mga liham sa:*

dagundong.tk@gmail.com

archive.org/details/@southern_tagalog_revolutionary_portal

tumblr.com/strevportal

@comkathryn.bsky.social

at ang iba't ibang anyo ng *flexible labor* kagaya ng *compressed work week*, sistemang *on-the-job training* at iba pa na nagkait ng seguridad sa trabaho at kaligtasan sa pook-paggawa. Ipinako ng mga iskemang ito ang sahod ng manggagawa sa napakababang halaga.

Sa ilalim ni Marcos Jr., lalong lumubog ang manggagawa sa kumunoy ng kahirapan. Hindi na kayang tustusan ng sahod ang arawang pangangailangan ng manggagawa at kanyang pamilya. Sa Calabarzon, nasa ₱520 ang pinakamataas na sahod ng manggagawa, habang ₱395 sa Mimaropa. Malayong malayo ito sa kinakailangang ₱1,123 family living wage (FLW) sa Calabarzon at ₱1,213 sa Mimaropa (Marso 2024). Nagbibingi-bingihan ang estado sa hinaing ng manggagawa na ₱750 taas-sahod upang maabot ang FLW. Pampalubag-loob lang sa manggagawa ang isinusulong ng mga kongresista na ₱100-150 taas-sahod na 13-20% lamang ng ₱750.

Taliwas dito, limpak-limpak na salapi ang kinakamal ng mga kapitalista. Umaabot sa ₱1.3 trilyon ang kita ng 3,985 malalaking empresa. Tumubo ng 31% ang yaman ng 50 pinamakamayayamang pamilya sa Pilipinas.

Samantala, inutil7 ang rehimeng Marcos II sa paglikha ng mga trabaho para sa mga Pilipino. Pinagdudusahan ng kabataan ang mababang bilang ng nalikhang trabaho kung saan bumaba ang bilang ng mga kabataang may trabaho (edad 15-24) mula 6.3 milyon tungong 5.9 milyon o katumbas ng 10.5% *unemployment rate* sa kanilang hanay (Abril 2024).

Parang produktong inilalako ng estado ang mga manggagawang Pilipino sa ibang bansa upang isalba ang bangkaroteng ekonomya. Mayroong higit 12 milyong dokumentadong migranteng Pilipino. Matinding diskriminasyon, pang-aapi at pang-aalipusta ang sinasapit nila sa kamay ng kanilang dayuhang amo o kumpanya habang tinitiis ang sakit at kalungkutang mapawalay sa pamilya. Samantala, pinakikinabangan ng reaksyunaryong gubyerno ang kita ng mga migranteng manggagawa sa anyo ng mga kaltas at buwis sa ipinapadalang OFW *remittances* sa loob ng bansa.

Patuloy pang inilalako ni Marcos Jr. ang likas na yaman at murang lakas paggawa ng Pilipinas sa bawat byahe niya sa ibayong dagat. Iniraratsada niya ang *charter change* na lalong magbubuyangyang sa bansa sa imperyalistang pandarambong at higit na magpapalugmok sa kalagayan ng manggagawa at iba pang uri.

Upang patahimikin ang manggagawa at iba pang nakikibakang mamamayan, nananalasa ang pasismo at terorismo ng estado. Nariyan ang NTF-ELCAC at ang Anti-Terror Law upang pigilan at supilin ang makatarungang pakikibaka ng manggagawa. Tinatatakang terorismo ang gawaing pag-uunyon at sama-samang pakikibaka para sa pakikipagtawaran sa kapitalista. Tinatapatan ang mga militanteng unyon ng mga huwad na unyon upang hatiin ang mga manggagawa at ihiwalay sila sa paglaban para sa kanilang karapatan. Sa Timog Katagalugan, serye na ng pandarahas, paniniktik at pagsasampa ng gawa-gawang kaso ang ginagawa ng estado sa mga kasapi ng nakikibakang unyon at kanilang lider. Pinakamalala ang mga kaso ng pamamaslang sa mga kilalang lider-unyonista kagaya nina Diosdado "Ka Fort" Fortuna at Dandy Miguel. Ang retiradong lider-unyonista na si Reynaldo Malaborbor at Manny Asuncion na nagsulong ng karapatan ng mga manggagawa ay pinaslang ng estado para lumikha ng takot at banta. Dahil dito, hindi kataka-taka na mapabilang ang Pilipinas sa 10 bansang pinakadelikado para sa manggagawa ayon sa International Trade Union Confederation.

Sa harap ng pag-igting ng pagsasamantala at pang-aatake sa manggagawang Pilipino at iba pang uri, naiipit ang Pilipinas sa tunggalian

ng dalawang imperyalistang kapangyarihang US at China. Ang tumitinding girian sa pagitan ng US at China ay katangian ng lumalalang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista at nabubulok nitong yugtong imperyalismo. Resulta ng walang hanggang pagkaganid ng kapitalista sa tubo at agawan sa pinagkukunan ng murang hilaw na materyales at bagsakan ng sarplas na produkto, napipinto ang pagsiklab ng gera sa pagitan ng US at China na posibleng pumutok sa Asia Pacific, alinman sa mga bansang itinakda ng US sa *first island chain* na Japan, South Korea, Taiwan o Pilipinas.

Hamon sa mga manggagawang Pilipino na tupdin ang istorikal nitong misyong pangunahan ang pakikibaka para ibagsak ang imperyalismo. Mayaman ang kasaysayan ng pakikibaka ng manggagawang Pilipino laban sa pananakop ng imperyalismo na mauugat noon pang kolonyal na paghahari ng US. Sing-aga ng 1903, sa unang pagkilos ng Mayo Uno sa bansa, ipinanawagan ng manggagawa sa pangunguna ng Union Obrero Democratico Federacion ang "Ibagsak ang Imperyalismong US!" kasabay ng sigaw para sa taas-sahod at karapatan sa paggawa. Mayor na pwersa ang mga manggagawa sa pagtatatag ng unang Partido Komunista ng Pilipinas at naging signipikanteng bahagi sa muling pagtatayo ng Partido sa balangkas ng Marxismo-Leninismo-Maoismo (MLM).

Kinakailangang yakapin ng manggagawa ang landas ng rebolusyon at pamunuan hindi lamang ang kanilang hanay, kundi ang laksa-laksang abang mamamayan sa pakikibaka para sa tunay na kalayaan, demokrasya at hustisya. Dapat ilunsad ng manggagawa ang malawakang pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa kanilang hanay at umanib sa Revolutionary Council of Trade Unions. Ang pinakaabante sa kanilang hanay ay maaaring sumapi sa PKP (MLM).

Ilunsad ang malawakang kampanyang pag-aaral sa teorya ng MLM, ang teorya ng proletaryado. Ipalaganap ang kaisipang ito sa hanay ng mga manggagawa hanggang sa abutin nila ang kaisipang rebolusyonaryo at ganap na pagpapanibagong-hubog tungong proletaryong rebolusyonaryo.

Iputok ang iba't ibang laban para sa kabuhayan at karapatan ng manggagawa. Pasikarin ang kilusang welga. Kaalinsabay nito, isulong ang pambansang pagkilos sa taas-sahod, regularisasyon sa paggawa, ligtas na kalagayan sa paggawa at karapatan sa asosasyon at asembliya.

Gawing inspirasyon ang mga manggagawang nag-alay ng kanilang buong buhay sa pakikibaka—yaong mga pinaslang ng estado at mga namartir sa armadong pakikibaka. Bigyang-pugay sila bilang mga bayani mula sa uring manggagawa na nagsulong ng interes ng kanilang uri hanggang sa inilaan ang buhay tungo sa pagpapalaya ng buong sambayanan. Sa kanilang kadakilaan, dapat ibayong pahigpitin ang pagkakaisa ng buong kilusang paggawa para labanan at biguin ang pakana ng estado na buwagin ang mga militanteng unyon at patuloy na pagkaitan ng karapatan ang manggagawa.

Nananawagan ang Partido sa mga manggagawa na sumapi sa Bagong Hukbong Bayan upang tanganan ang pamumuno ng proletaryado sa armadong rebolusyon. Maging mga instrumento sila sa pagpapahina at pagwasak sa reaksyunaryong armadong pwersa hanggang sa pagdurog sa bulok na estado. Magsilbi rin silang binhi sa pagtatayo, pagpaparami at pagpapatatag ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika sa kanayunan at kabayanan.

Ang pagsulong at pagtatagumpay ng pakikibaka ng rebolusyonaryong proletaryong Pilipino ay dakilang ambag sa pagpapahina ng imperyalismo sa buong daigdig. Sa paglahok sa rebolusyon, walang ibang mawawala sa manggagawa kundi ang kanilang mga tanikala ng pagkaalipin.




"Ang pagsidhi ng mga kontradiksyon sa pagitan ng paggawa at kapital sa loob ng mga imperyalistang bansa at sa hanay ng mga imperyalistang kapangyarihan ay resulta ng lumalalang krisis ng labis na produksyon relatibo sa lubhang lumiit na kita ng uring manggagawa sa mga imperyalistang bansa at sa iba pang bahagi ng pandaigdigang sistemang kapitalista. Naliligalig at nag-aaklas ang mga manggagawa dahil sa kawalan ng trabaho, mababang kita, pagsirit ng presyo ng mga batayang bilihin, hakbanging pagtitipid ng mga estado, pangyuyurak sa kanilang mga demokratikong karapatan at pag-usbong ng sobinismo, rasismo at pasismo.

*- Sa transisyon tungo sa muling pagdaluyong ng pandaigdigang proletaryong rebolusyon, Daluyong ng Paglaban ng Mamamayan sa Pilipinas at sa Daigdig, Marso 15, 2020*

***Punto de bista ng isang kadre sa kilusang paggawa***

# Pagtalima sa kilusang pagwawasto

Buong pusong tinanggap ng mga rebolusyonaryong pwersa sa TK ang hamon ng kilusang pagwawasto na nilaman ng mensahe ng Komite Sentral sa ika-55 anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas. Tumimo ang panawagan sa bawat organo at kasapi ng Partido sa TK at naging tulak upang isagawa ang mga kritikal sa sariling pagsusuma ng mga karanasan at masikhay na pag-aaral.

Nakapanayam ng Kalatas si Ka Ethel, isang kadre ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa, kaugnay ng kilusang pagwawasto at aplikasyon nito sa kanyang kinikilusang sektor. Isang dekada na siyang pultaym at kasalukuyang nag-oorganisa sa hanay ng mga manggagawa sa manupaktura at *warehousing*.

**Kalatas (K):** Ano ang pagtingin sa panawagang pagwawasto ng PKP?

**Ka Ethel (E):** Wasto at signipikante ang panawagan ng Partido sapagkat nagsilbi itong paalaala para sa lahat ng mga kadre at kasapi ng Partido na muling hawakan ng mahigpit at seryosong isabuhay ang linya, prinsipyo at patakaran ng Partido sa gabay ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Kung hindi matalas na nasuri ng Partido ang tunay na dahilan ng ating mga kamalian at kahinaan, tiyak na mas malalaking pinsala pa ang maaaring matamo ng kilusan at tuluyang mapapaniwala ang mga masa at ilang kasama na superyor ang kaaway.

Positibong tinanggap ng aming organo ang mga natukoy na kamalian at kahinaan. Matapat kaming nagpuna at mapagkaisang tumatalima sa pagwawasto. Bagamat mahirap ang kalagayang panseguridad, ligtas naming nailunsad ang pulong-pagtatasa at nagbalangkas ng plano at programa na nakaayon sa panawagang magwasto. Isinagawa ang mga pulong hanggang sa mga sangay ng Partido sa lokal. Isinaayos namin ang istruktura at pagpapagana ng mga lihim na makinarya, kasabay ng pag-aaral sa mga *memo*.



Dibuho ni K. Panalig

**K:** Anu-anong mga pag-aaral ang inyong inilunsad?

**E:** Nakapaglunsad ng BKP1[1], TU Handbook[2] at IKP[3], pagbabalik-aral sa Memo sa Gawaing Organisasyon at Edukasyon at PPSPL[4]. Tinitiyak na naibabahagi at natatalakay ang AB, *memo* at *advisory* sa lahat ng mga yunit.

**K:** Anong mga aral ang tumampok sa mga kasama?

**E:** Nang talakayin ang pahayag ng Komiteng Rehiyon ng TK sa ika-55 anibersaryo ng BHB, tumampok sa mga mag-aaral ang panahon ng paglihis at paglulunsad ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto (IDKP). Higit na naunawaan ng mga kasama ang pinsalang idudulot ng maluwag na paghawak sa MLM at hindi pagtalima sa mga patakaran ng Partido. Sa ibang pag-aaral, naarmasan ang mga kasama ng kaalaman at pamamaraan sa pag-oorganisa ng mga manggagawa kasabay ang reyalisasyon na ang pag-oorganisa sa mga manggagawa ay hindi lamang para isulong ang pang-ekonomyang pakikibaka bagkus ay hamigin sila para sa demokratikong rebolusyong bayan.

**K:** Tinukoy ang empirisismo na pangunahing mukha ng suhetibismo bilang ugat ng mga kamalian sa ideolohiya na "nagsisilbing mga batong pabigat na patuloy na pumipigil sa ating pagsulong at humihila sa atin sa mga pag-atras at pinsala." Anu-ano ang nakikitang manipestasyon ng suhetibismo sa inyong yunit?

**E:** Nakita ang mga manipestasyon ng suhetibismo sa aming yunit kasama na ang ilang mga mukha ng konserbatismo, burukratismo, liberalismo, ligalismo, sektoralismo, lokalismo at ekonomismo.

Hindi mahigpit na naisasabuhay ang gawaing masa maging ang pagkukumbina ng ligal at iligal, hayag at di hayag na pagkilos. Marami sa mga kadre't organisador ang de-opisina, de-lastiko at sandal sa elektronikong komunikasyon ang manera. Hindi

nakikipamuhay sa mga manggagawa. Sa mga kadre naman sa lokal, bumatangal na ang pagrerekluta ng mga *network* at kasapi ng Partido dahil nadala ng takot sa pasistang atake ng estado. Ang pagrerekluta ay iniaasa na lamang sa mga mapangahas na organisador.

Litaw rin ang manipestasyon ng kaisipang ekonomismo, sektoralismo at lokalismo, sapagkat aktibo o masigla lamang ang pagpapakilos ng mga manggagawa kapag ang usapin ay may kinalaman sa kanilang kabuhayan, pangsektor at/o panglokal. Kulang ang inisyatiba para magpahayag ng mga paninindigan kaugnay ng maiinit na isyu. Kulang din sa kasigasigan. Kapag napagod, nahirapan at napuna sa gawain ay nag-iisip nang mag-*lielow* o mag-partaym.

**K:** Ano ang inyong mga hakbangin upang iwasto ang mga natukoy na kahinaan?

**E:** Ang hakbangin namin ay maglunsad ng tuloy-tuloy ng pamPartidong pag-aaral. Naging madalas din ang pulong-konsultahan ng mga makinarya. Balik-aral sa mahahalagang dokumento laluna para sa mga pultaym.

**K:** Anu-ano ang iyong kinakaharap na krisis at kahirapan sa iyong pagkilos? Paano mo ito iniigpawan?

**E:** Tuluy-tuloy ang atake ng kaaway sa saklaw ng aking nakikilusan at patuloy rin ang pagtugis sa akin. Nagkakaroon ng kahirapan sa mobilidad pero hindi naman ito naging daan upang maputol ang pakikipag-ugnayan ko sa masa o tumigil ako sa gawain. Para maigpawan ang sitwasyon, mahigpit akong tumatalima sa mga patakarang panseguridad ng Partido. Gumagamit ako at tinuruan ko ang mga pwersa at aking pamilya sa paggamit ng ligtas na komunikasyon. Lihim ang aking pagbibiyahe at lagi akong nagdadala ng ekstrang damit at gamit personal.

Palabasa ako ng mga dokumento, *memo* at *advisory*. Malaking bagay ito para patuloy na pataasin ang kamulatan at *commitment*, kaya kahit anong hirap at sakripisyo ay nakakayanan at napapakitunguhan ko.

**K:** Paano mo nakikita ang iyong sarili sa kasalukuyang estado ng rebolusyon?

**E:** Nakikita ko ang aking sarili sa ngayon na gumagampan ng sekundaryong papel, nagtataguyod ng rebolusyon sa kalunsuran, dahil ang kaya pang iambag sa ngayon ay buong panahon na pagkilos sa kalunsuran para mag-organisa ng mga manggagawa, magrekluta ng mga rebolusyonaryong pwersa at magpalitaw ng mga rekurso at iba pang gamit para sa armadong pakikibaka. Itinuturing ko itong panimulang hakbang at paghahanda para sa ganap na pagyakap sa rebolusyon sa hinaharap.

**K:** Ano ang iyong perspektiba bilang rebolusyonaryong manggagawa?

**E:** Inaasahan ng Partido ang mga kadre, organisador at mga kasapi ng Partido sa rebolusyonaryong kilusang manggagawa na ubos-kayang mag-ambag para palakasin ang Partido at ipagtagumpay ang rebolusyong Pilipino. Ang mahusay na pagsasabuhay sa MLM, linya at prinsipyo ng Partido, mga aral ng IDKP at ng kasalukuyang inilulunsad na kilusang pagwawasto ang mga materyales upang umani ng maraming rebolusyonaryong manggagawa at rebolusyonaryong base. Natatanaw ko na susulong at muling lalakas ang kilusang paggawa at ang Partido. Itatayo ang maraming rebolusyonaryong unyon sa mga pagawaan na mamumuno sa mga pakikibakang masa sa kalunsuran. Pamumunuan ng mga rebolusyonaryong unyon ang mga welga sa mga engklabo at pagawaan na magpapayanig sa mga ganid na dayuhan at lokal na kapitalista. Maraming rebolusyonaryong manggagawa ang lalabas ng pabrika para yakapin ang armadong pakikibaka. K

---

*1 - Batayang Kurso ng Partido, Unang Aklat*

*2 - Trade Union Handbook - Kulumpon ng mga pag-aaral sa pag-oorganisa sa kilusang paggawa*

*3 - Intermedyang Kurso ng Partido*

*4 - Pagtatayo at pagpapagana ng Sangay ng Partido sa Lokal*

*BALITA*

## 'Palayain ang Romblon 4!'

Muling ipinanawagan ng mga kaanak, kaibigan at demokratikong organisasyon ang kagyat na pagpapalaya kina Marlon Torres, Maria Teresa Dioquino, Benny Hilamon at Nolan Ramos o mas kilala bilang Romblon 4 sa isang *press conference* sa Commission on Human Rights sa Quezon City noong Mayo 27. Pinangunahan ito ng Free Romblon 4 Network, kalahok ang mga samahang Kilusang Mayo Uno, Center of Trade Union for Human Rights, Defend Workers Southern Tagalog, Tambisan sa Sining at Southern Tagalog Cultural Alliance.

Ang Romblon 4 ay dinakip sa isla ng Sibuyan, Romblon noong Hunyo 3, 2021. Sina Torres at Dioquino ay mga aktibistang pangkalikasan habang sina Hilamon at Ramos ay mga mangingisda. Patungo sila sa Sibuyan upang magsaliksik sa epekto ng *open pit mining* sa isla. Sinampahan sila ng gawa-gawang kasong *illegal fishing* at paglabag sa *health protocols* ng pandemyang Covid-19 bago pinatungan ng kasong *illegal possession of firearms and explosives.*

Matapos ang *press conference,* inilunsad ang isang *benefit gig* upang makalikom ng ₱1.6 milyon o katumbas ng ₱400,000 pampyansa ng bawat isa. K

KONGKRETONG PAGSUSURI SA KONGKRETONG KALAGAYAN

# Bagong Pilipinas: Ilusyon at pambabaluktot sa papalubhang malapyudal na katangian ng lipunang Pilipino

Pagbungad pa lang ng taon, ipinagyayabang na ng rehimeng US-Marcos II ang diumano'y pagdating ng "Bagong Pilipinas" sa bansa. Sinundan ito ng mga binaluktot at dinoktor na mga datos ng umano'y pag-unlad ng ekonomya sa anyo ng paglago ng mga negosyo, pagbagal ng implasyon, pag-aayos ng pinansya ng gubyerno para paypayan ang kuno'y wastong estratehiya ng rehimen. Ngunit sa likod ng mga mabulaklak na salita at dinoktor na datos ang nagdudumilat na katotohanang higit na mayorya ng sambayanang Pilipino ang lugmok sa kahirapan dulot ng di malutas-lutas na kronikong krisis ng lipunang Pilipino. Ilusyon lamang din ang sinasabing industriyalisasyon. Ang kasalukuyang pagdagsa ng populasyong paggawa sa mga sentrong lungsod ay hindi resulta ng industriyalisasyon, kundi ng di-sustenableng "paglago" ng malapyudal na ekonomyang Pilipino.

Itinali ng malakolonyal na kaayusan ng Pilipinas sa US ang pagiging malapyudal ng lipunang Pilipino. Kinubabawan ng monopolyo kapitalismo ang lumang pyudal na kaayusan ng ekonomya sa anyo ng kolonyal na sistema ng kalakalan kung saan ang mga kalakal na binibili mula sa masang magsasaka at manggagawa ay pawang mga hilaw na materyales at mala-manupakturang produkto para sa industriya ng mga kapitalistang bansa. Sa kabilang banda, lubusan itong nakasandig sa pag-iimport ng produktong pangkonsumo at mga kagamitan sa produksyon. Ito ang dahilan kung bakit pamalagian ang krisis ng lipunan at ibayong nababaon sa kumunoy ng kahirapan ang pinakabatayang mga uri, ang Pilipinong anakpawis.

**Kawalan ng mabibigat at batayang industriya**

Walang pundasyong industriyal ang Pilipinas at lubhang malayo sa sinasabing "bagong nag-iindustriyalisang bansa". Ang mayamang rekursong mineral ay limitado sa ekstraktibong operasyon lamang hanggang panimulang pagpoproseso para sa eksport. Wala itong kapasidad na lumikha ng bakal at iba pang batayang metal, mga makina, *precision instrument* at iba pang kinakailangan sa produksyong industriyal.

Ang sinasabing industriya ng bansang nakakonsentra sa aabot ng 395 *economic zones* ay kalakha'y pinatatakbo ng mga kumpanyang dayuhan. Sa tala ng PEZA nitong 2018, 60 sa *economic zones* sa buong bansa ay matatagpuan sa TK na may 2,075 empresa, pinakamalaking bilang sa lahat ng rehiyon, pumapangalawa lamang ang NCR at pangatlo ang Region VII.

Ang mga ito ay nahihiwalay at hindi nagsisilbi sa pagpapaunlad ng lokal na ekonomyang Pilipino kundi sa supertubo ng dayuhang monopolyo kapitalista. Katunayan, 519,246 lamang ang naibibigay nitong trabaho na lubhang maliit kumpara sa 13.9 milyong populasyon sa paggawa, tala ng Philippine Statistics Authority (PSA) mula 15 taong gulang pataas. Noong 2018, naitala nito ang $447 bilyong *export sales* na tiyak na napasakamay lamang ng mga dayuhang kapitalistang may-ari ng mga empresa. Ang mga empresang ito, na kalakha'y mala-manupaktura at *assembly* ay pawang mga karugtong/bahagi *(appendages)* ng pandaigdigang *assembly line* ng mga multinasyunal na empresa. Hindi na nga nag-aambag para sa industriyalisasyon, nagtatamasa pa ang mga ito ng maraming pabor mula sa estado kapalit ng di-makataong pagsasamantala sa mga manggagawang Pilipino.

Indikasyon rin ng kawalan ng sariling industriyalisasyon ng Pilipinas ang malawakang kawalan at kakulangan sa trabaho sa buong bansa. Lubhang maliit ang lokal na manupaktura at nakaasa sa *imported* na mga makinarya at *input*. Ayon sa IBON, nitong Nobyembre 2023 aabot sa 8% o higit apat na milyon ang bilang ng mga Pilipinong walang trabaho sa bansa, malayo sa ipinagmamalaking 4% *unemployment rate* ng bansa ngayong Abril 2024 ng PSA. Bukod pa rito ang 35-40 milyong Pilipinong kulang o impormal ang hanapbuhay at mababa ang tinatanggap na sahod. Iniresulta nito ang halos 12 milyong manggagawang Pilipino na piniling malayo sa kani-kanilang pamilya para mangibang bansa at doon humanap ng trabaho.

**Pamamayani ng komersyanteng kapital *(merchant capital)* at uring malaking burgesya kumprador**

Dominado ng uring malalaking burgesya kumprador (MBK) at hindi na ng mga panginoong maylupa (PML) ang baseng pang-ekonomya ng bansa. Gumagampan sila bilang pangunahing ahenteng pangkalakalan at pampinansya ng dayuhang monopolyo kapitalista, pangunahin ng US. Ang katangian ng kapital na hawak nila at siyang namamayani sa ekonomya ng bansa ay komersyanteng kapital *(merchant capital)* na lumago mula sa tagibang na kolonyal na

kalakalan ng pagluluwas ng mga hilaw na materyales at pag-import ng mga yaring produkto. Tinatawag rin silang pinakamalalaking MBK-PML dahil pag-aari rin nila ang mga asyenda at kaugnay na *agribusiness* kabilang ang mga *livestock* at *poultry farm,* barkong pangisda, at sapi sa mga kumpanyang mina. Kabilang sa kanila si Manny Villar na may pag-aaring malalawak na lupain sa halos lahat ng probinsya sa CALABARZON, Prime Holdings, mga *real estate,* atbp; si Enrique Razon na may sosyo sa proyektong Wawa-Violago Dam sa Rizal; at Ramon Ang na may-ari ng San Miguel Foods, Inc., Asturias Mining sa Calatagan, Batangas atbp. May malalim na kapit din sila sa reaksyunaryong pulitika sa bansa sa pagkontrol sa pinakamamalaking burgis na partido pulitikal—ang Nacionalista Party ni Villar, National Unity Party ni Razon at Nationalist People's Coalition ni Ang.

Kontrolado at pagmamay-ari ng uring MBK-PML ang pinakamalalaking bangko, empresang pangkalakalan, plantasyong pang-eksport, mina, mala-manupaktura at pagpoproseso ng pagkain at inumin, konstruksyong publiko at pribado, *real estate,* at empresang turismo. Kaya lamang, ang mga ito'y nananatiling nakasandig sa eksport ng mga hilaw na materyales at mala-manupakturang produkto at pag-iimport ng mga kagamitan sa produksyon at manupakturang pangkonsumo.

**Agrikultura pa rin ang pangunahing kabuhayan ng mayorya ng mga Pilipino**

Sa kabila ng pandudoktor sa mga datos ng gubyerno, nananatiling 60% ng mga Pilipino ay magsasaka sa kanayunan at pangunahing umaasa sa agrikultura. Nagagawang manipulahin ng gubyerno ang kanilang datos dahil tanging ang mga padre de pamilya lamang ang ibinibilang na magsasaka gayong ang kabuhayan ng buong pamilya ng mayorya ng mga Pilipino ay nakaasa sa pagtatrabaho sa bukid. Kasabay nito, ang lumalaking bulto ng mga manggagawang nasa sektor ng serbisyo (61% ng kabuuang pwersang paggawa ayon sa datos ng PSA) ay pawang suplementaryo lamang ng operasyon ng MBK at nakaugnay pa rin sa agrikultura.

Samantala, ang lumalalang penomenon ng mala-proletaryanisasyon sa kanayunan ay hindi iniresulta ng industriyalisasyon kundi salaminan ng paglala ng malapyudal na katangian ng lipunang Pilipino. Ang mga magsasaka at manggagawang-bukid na nawawalan ng lupa at hanapbuhay sa bukid ay hindi naman nahigop sa



sektor ng industriya at dumadagdag lamang sa papalaking bilang ng mga impormal na hanapbuhay, ang ila'y napupunta sa sektor ng serbisyo o walang trabaho.

**Higit na pinalala ng neoliberalismo ang malapyudalismo sa Pilipinas**

Ang walang-habas na pagpapasok ng dayuhang sarplas na kapital at kalakal ay nagreresulta sa pribatisasyon ng mga publikong empresa at kaakibat nitong deregulasyon ng presyo ng mga bilihin, pagpatay sa lokal na agrikultura at denasyunalisasyon ng pambansang ekonomya at likas na rekurso. Ang sunud-sunod na hakbanging liberalisasyon sa industriya at kalakalan ng iba't ibang produkto kabilang ang bigas ay pumapatay sa lokal na agrikultura at masaker sa kabuhayan ng milyun-milyong magbubukid. Sa TK, tampok noong nakaraang taon ang masaker sa hanapbuhay ng mga magsasaka at manggagawang-bukid sa tubuhan sa Batangas matapos magsara ang pinakamalaking iluhan ng tubo sa rehiyon, ang Central Azucarera de Don Pedro, Inc. Biktima naman ng pagbagsak ng presyo ng kopra ang mga magsasaka sa niyugan sa Quezon dulot ng pagbaha sa pandaigdigang pamilihan ng *palm oil* na dikta rin ng neoliberalismo. Ang mga magsasaka sa palayan sa isla ng Mindoro, Palawan at iba pang probinsya sa TK at bansa ay nalulubog sa walang kaparis na kahirapan matapos na isakatuparan ang neoliberal na patakaran na Rice Tariffication Law.

Inireresulta naman ng pagtindi ng pandaigdigang krisis ng labis na produksyon, istagnasyon at palyatibong mga solusyon ng neoliberalismo, nagaganap ngayon ang penomenon ng pagbagsak ng mala-manupaktura at *assembly* na bumubuo sa kalakhan ng sektor ng industriya sa Pilipinas, kasama ang pagmimina. Iniulat ng IBON nitong nakaraang taon na inabot ng sektor ng manupaktura sa bansa ang pinakamalaking pagbagsak nito sa saklaw ng 75 taon. Sa unang tatlong kwarto ng 2023 naitala ang 17.6% na parte ng sektor sa *gross domestic product* (GDP) ng bansa. Naitala rin sa parehong panahon ang pinakamababang empleyo sa nakaraang 20 taon na resulta ng 1.4 milyon o 1/3 pagkabawas sa lakas-paggawa nito. Kasabay nito ang napakakupad na pag-usad ng agrikultura na nagtala ng paglagong 1.1% nitong unang kwarto ng 2023 na hindi man lang maka-kalahati ng istorikal na *average* na 2.4% sa nakaraang 25 taon. Resulta nito, naitala ang pinakamababang 8.4% parte nito sa GDP at ang 1.2 milyong pagkawala ng trabaho sa agrikultura.

Ang binabanggit na "paglago" ng ekonomya ng bansa ay tulak ng pagsigla ng sektor ng serbisyo—aktibidad sa kalakalan at pinansya, *business process outsourcing* o BPO, turismo at eksport ng murang paggawa. Ampaw lamang ang kaunlarang ito at hindi nag-aambag para sa tunay na pambansang ekonomyang kaunlaran, di-sustenable at pangunahing pinakikinabangan ng mga dayuhang monopolyo kapitalista at lokal na MBK. Para sa mayorya ng masang Pilipino, hindi ito mukha ng bagong Pilipinas bagkus ay pagpapatuloy ng ibayong pagsasamantalang kanilang dinaranas. Higit na nakokonsentra sa kamay ng mga MBK at dayuhang kapital ang sinasabing pag-unlad at paglago ng ekonomya ng bansa. Sa unang siyam na buwan ng 2023, naitala ang paglago ng 21.3% o ₱156.2 bilyon hanggang ₱888.7 bilyong kita ng 285 malalaking negosyo at empresa sa bansa. Sa kabilang banda, barat ang sahod ng mga manggagawa at bumubulusok ang kita ng mga magsasaka kaya't labis na napag-iiwanan ng sumisirit na presyo ng bilihin resulta ng implasyon.

Ang tunay na industriyalisasyon ng bansa ay dapat nakatuntong sa tunay na reporma sa lupa. At hangga't nananatili ang monopolyo sa lupa ng mga MBK-PML at patuloy na nakasandig ang bansa sa dayuhang pamumuhunan at produkto, walang tunay na kaunlarang makakamit ang mga Pilipino.

*KILOS PROTESTA*

## Protesta ng pakikiisa ng TK para sa Palestine

Sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan-Timog Katagalugan (Bayan-TK), inilunsad ang kilos protesta sa University of the Philippines (UP)-Los Baños noong Mayo 30 upang suportahan ang pakikibaka ng mamamayang Palestine laban sa kampanyang henosidyo ng Zionistang Israel na suportado ng imperyalismong US. Sinundan ang protesta ng gabi ng pakikiisa kung saan naghandog ng kulturang pagtatanghal ang iba't ibang sektor at grupo para sa mamamayang Palestine.

Nagpapatuloy ang henosidyo ng Israel laban sa mamamayang Palestine. Noong Mayo 26 at 28, binomba ng Israel ang tinurang "ligtas na lugar" ng al-Mawasi na malapit sa timog na syudad ng Rafah na kumitil sa buhay ng higit 45 tao. Sunud-sunod din ang pang-aatake sa hilaga ng Gaza kung saan noong Mayo 30, siyam ang namatay sa pag-atake ng mga pwersa ng Israel sa isang bahay sa Beit Hanoon.




# Taas-sahod, panawagan sa ika-135 Pandaigdigang Araw ng Paggawa

Nanawagan ang malawak na koalisyon ng manggagawa sa Pilipinas sa ilalim ng National Wage Coalition ng dagdag sahod sa ika-135 Pandaigdigang Araw ng Paggawa noong Mayo 1. Itinulak nila ang pagsasabatas ng hindi bababa sa ₱150 *across-the-board* na dagdag sa minimum na sahod sa buong bansa.

Binatikos ng koalisyon ang kakulangan ng kita at kawalang seguridad sa trabaho na dinaranas ng mga impormal na manggagawa kabilang ang mxga *gig workers, delivery rider,* drayber; pagsasamantala at pang-aapi sa kababaihang manggagawa at kawalan ng trabaho para sa mga kabataang manggagawa. Tinutulan din nila ang pakanang *franchise consolidation* sa ilalim ng PUVMP ng rehimeng Marcos II.

Kasabay nito, ipinanawagan din nila ang pagtataas ng sweldo ng mga kawani ng gubyerno tungong ₱33,000 kada buwan sa pamamagitan ng pagsasabatas ng isang panibagong Salary Standardization Law (SSL). Iginiit din nila ang paggalang sa karapatan ng mga manggagawa sa pag-uunyon at iba pa nilang mga karapatan.

Sa Timog Katagalugan, nagmartsa ang mga manggagawa sa pangunguna ng PAMANTIK-KMU sa Crossing Calamba, Laguna at Rosario, Cavite. Nakiisa sa protesta ang iba't ibang mga organisasyon ng kabataan, kababaihan at magsasaka.

**Malikhaing protesta kontra-endo**

Kasabay ng pagdiriwang ng Flores de Mayo, inilunsad ng mga manggagawa sa Timog Katagalugan ang malikhaing protesta na Reyna de Endo. Nagparada ang mga manggagawa mula sa Pamantik-KMU, Defend Workers-ST, AMEN, LIGA-ST at STARTER-PISTON sa kahabaan ng kalsada sa Cabuyao, Laguna.

Kagaya ng Flores de Mayo, nagparada ang mga tinaguriang "reyna" at "hari" na tutol sa *endo* o kontraktwalisasyon at *jeepney phaseout*. Ginawan din ng malikhaing dekorasyong may kaugnayan sa mga naturang panawagan ang mga arko ng mga "reyna" at "hari".





**Pagbatikos sa pasismo sa manggagawa**

Noong Mayo 25, inilantad sa isang *press conference* ng mga manggagawa ng Kilusang Mayo Uno (KMU), PAMANTIK-KMU, KMU-Southern Mindanao Region at AMA SUGBO-KMU ang mga pasistang kontra-manggagawang kampanya ng rehimeng US-Marcos II. Isa sa pinakahuling pakana ng estado ang pagkakaso sa mga manggagawa ng *"terrorist financing".* Sa Timog Katagalugan, pinakahuling kinasuhan ng *"terrorist financing"* sa hanay ng manggagawa si Rhodel Alconera, bise presidente ng unyon sa Gardenia Bakeries Philippines.

Kinundena ng mga manggagawa ang pakitang-taong pagbubuo ng rehimeng US-Marcos II ng isang *inter-agency task force* na nagpanggap na tutugon sa mga paglabag sa karapatan ng mga manggagawa sa pag-uunyon at pagbubuo ng iba pang tipo ng asosasyon. Sa aktwal, lumalala sa ilalim ni Marcos II ang pang-aatake sa mga manggagawa. Tampok ang kaso ng pagdukot at sapilitang pagwala ng mga militar kay William Lariosa, beteranong organisador ng KMU-Southern Mindanao Region noong Abril.

Ayon sa KMU, ang pang-aatake sa manggagawa ay isinasakatuparan ng NTF-ELCAC batay sa kontra-"insurhensyang" kampanya ng US. K



TUGON ni PATNUBAY DE GUIA

# Bakit mahalaga para sa mga manggagawa na magtayo ng unyon?

Ang unyon ang pangunahing organisasyon sa loob ng mga pagawaan na nagtataguyod sa mga karapatan at kagalingan ng mga manggagawa. Sa pamamagitan nito, naipaglalaban nila ang kanilang karapatan para sa makatwirang sahod, makataong kundisyon, regularisasyon sa trabaho sa paggawa at iba pang mga serbisyong panlipunan. Ito ang dahilan kung bakit kabilang sa mga batayang karapatan ng mga manggagawa ang magtayo ng unyon o anumang organisasyon na katulad nito.

Sa kasalukuyan, instrumento ng imperyalismong US ang gubyernong Marcos Jr. upang higit pang hambalusin ng mga neoliberal na patakaran ang mga pang-ekonomya't pampulitikang karapatan ng mamamayan. Kahit pa nagpatupad ito ng ilang pisong dagdag sa sahod, lubhang kulang pa rin ito kumpara sa kinakailangang *family living wage* (FLW) ng isang pamilyang may limang miyembro. Lalo pang binarat ng RA 6727 o Wage Rationalization Law ang sahod ng mga manggagawa sa TK nang ipatupad nito sa CALABARZON ang paghihiwa-hiwalay ng minimum na sahod depende umano sa layo nito sa NCR at tipo ng mga empresang naroroon. Binabarat na nga ang sahod, lalo pang pinipiga ng mga dayuhang monopolyo-kapitalista at malalaking burgesya kumprador ang lakas-paggawa ng mga manggagawa sa ilalim ng iskemang *labor flexibilization, compressed work week* (CWW), *flexi-time* at *overtime* na walang bayad na nagtatakda ng mabigat na trabahong lampas-lampas sa binabayaran sa kanilang sahod. Bukod sa isinasangkalan ng mga iskemang ito ang kalusugan at kakayahan ng mga manggagawa, nilalapastangan nito ang tagumpay ng uring manggagawa para sa makatwirang walong oras na arawang trabaho.

Malaki ang papel ng mga unyon at samahan ng mga manggagawa para ipaglaban ang mas mataas na sahod at nakabubuhay na *national minimum wage standard.* Walang sinumang kapitalista ang kusang-loob na maggagawad ng karapatang ito sa mga manggagawa. Kaya't kailangang kolektibong makibaka ang mga manggagawa, katuwang ang buong sambayanan, upang kamtin ang kanilang mga demokratikong interes at karapatan sa loob at labas ng pagawaan.

Ipinakita na ng mga manggagawa na kaya nilang ipagtagumpay ang laban para sa kanilang mga demokratikong interes at karapatan. Sa pangunguna ng mga militanteng unyon, naipagtagumpay ng mga manggagawa na igiit ang walong oras ng arawang paggawa noong 1889. Naipagtagumpay rin ng pandaigdigang kilusang unyon na mapabilang sa Universal Declaration of Human Rights (UDHR) noong 1948 ang karapatan ng mga manggagawa para sa makatwirang sahod at malayang pagbubuo ng organisasyon at pag-uunyon. Mahigpit itong sinuportahan ng mga manggagawang Pilipino at naitulak ang gubyerno ng Pilipinas na lumagda sa nasabing deklarasyon sa taon ding iyon. Naigiit din ng militanteng unyonismo sa bansa na ipabilang ang mga karapatan ng manggagawa sa hanay ng mga Karapatan ng Mamamayan na nakasaad sa reaksyunaryong 1987 Philippine Constitution. Sa pamamagitan ng pagkakaroon ng unyon, naigigiit ng mga manggagawa ang kanilang karapatan sa sama-samang pakikipagtawaran *(collective bargaining)* para sa pagpapaunlad ng kanilang kundisyon sa paggawa at patuloy na paggigiit na makatanggap ng makatwirang sahod. Sa tuluy-tuloy na pagdaluyong ng kilusang unyon at welgang bayan, naipagtagumpay ng mga manggagawa na magkaroon ng iba pang mga benepisyo tulad ng *overtime work pay, holiday pay, 13th month pay, maternity/paternity leave, solo parent's leave* at *retirement benefits.*

Ngunit dahil sa pagsasabatas ng Herrera Law na nagpormalisa sa kontraktwalisasyon, maraming manggagawa ang tinanggalan ng karapatang mag-unyon at maggiit ng kanilang mga karapatan. Naging tuntungan ito ng malawakang pagbuwag ng mga unyon simula pa noong 1989. Dumagdag pa ang tumitinding pang-ekonomya at pampulitikang krisis sa bansa na nagreresulta sa malawakang disempleyo at pagdausdos ng kabuhayan ng mamamayan, naitutulak ang mga mangggagawa na maging desperado sa paghahanap at pagpapanatili ng trabaho. Nasasamantala ito ng imperyalismong US kasapakat ang gubyerno upang lansakang labagin ng mga kapitalista ang karapatan ng mga manggagawa na magbuo ng unyon at mapigilan ang huli na igiit ang kanilang mga batayang karapatan sa loob at labas ng mga pagawaan. Laganap ang kapitalistang pakana ng *union-busting* at *red-tagging* laban sa mga progresibo't militanteng unyon at samahan ng mga manggagawang kontraktwal. Sa katunayan, 5% lamang ng mga pagawaan sa buong rehiyon ang mayroong unyon at liga ng mga manggagawang kontraktwal. Nangangahulugan ito na 9 sa bawat 10 manggagawa ang hindi nakararanas na mapaloob sa mga unyon. Aktibo rin ang mga kapitalista na magtayo ng mga dilawang unyon o di kaya ay magpuslit ng makakapitalistang elemento para wasakin ang pagkakaisa ng mga manggagawa.

Kasabwat ng mga kapitalista ang reaksyunaryong estado na kinakatawan ngayon ng gubyernong Marcos Jr. sa mga imbing pakana ng kapitalista laban sa mga

manggagawa. Kahit ang Department of Labor and Employment (DOLE) ay sunud-sunuran sa interes at nagsisilbing tagapagtanggol pa ng mga kapitalista. Pinakamalalang ginagawa ng estado ay ang paggamit mismo ng armadong pwersa nito para gipitin at supilin ang pakikibaka ng mga unyon. Pangkaraniwan ang *harassment* at sarbeylans sa mga pangulo at iba pang opisyal ng mga nakikibakang progresibong unyon. Dagdag pa, idinedeklara ng NTF-ELCAC ang pagbubuo at gawaing unyon bilang gawaing terorista sa desperasyon nitong ipagwagi ang kontra-rebolusyonaryong kampanya sa pamamagitan ng pagputol umano sa suporta ng kalunsuran sa NPA.

Habang nilalapastangan ang mga karapatan ng mga manggagawa, lantaran namang pinapaboran ng rehimeng US-Marcos II ang mga kapitalista sa anyo ng pagpapababa ng buwis at pagraratsada sa planong baguhin ang konstitusyon sa pamamagitan ng cha-cha o *charter change.*

Gayunman, noong panahon ng pandemya, naipagtagumpay ng mga manggagawa na magkaroon ng kompensasyon para sa mga nahawaan ng sakit na COVID-19 at sumunod ang mga pagawaan sa itinakdang mga *health protocols.* Naging matagumpay ang *collective bargaining agreement* (CBA) ng anim na unyon sa TK noong 2020. Ito ay sa mga pagawaan ng Alaska Milk Corp., Nexperia, Honda Cars at Fuji Electric Philippines. Naipagtagumpay naman ng mga manggagawa ng Technol Eight, sa pangunguna ng Technol Eight Philippines Worker's Union (TEPWU)-OLALIA-KMU, ang kanilang CBA matapos ang 16 negosasyon noong 2022. Nakamit nila ang ₱50 dagdag-sahod at iba pang mga benepisyo tulad ng dagdag na araw para sa *union leave.*

Mahigpit ang pangangailangan at umiiral ang mga batayan upang ibayong palakasin ng uring manggagawa ang kilusang unyon sa harap ng lalong pagiging miserable at aping katayuan. Dapat na mahigpit na ikawing ng uring manggagawa ang kanilang pang-ekonomyang pakikibaka sa pampulitikang pakikibaka ng sambayanang Pilipino at pangunahan ang pagdaluyong ng mamamayan laban sa imperyalismo, burukratang kapitalismo at pyudalismo.

Tulad ng iba pang uring manggagawa sa buong daigdig, ang pakikibaka para sa makatwirang sahod ay pampulitikang pakikibaka. Hindi ito hiwalay sa pakikibaka ng buong masang anakpawis para sa libreng edukasyon, kaseguruhan sa panirikan, kaseguruhan sa pagkain, magkaroon ng akses sa abot-kayang serbisyong medikal, at iba pang serbisyong panlipunan. Hindi makakamit ang mga kahilingang ito nang hindi itinataas ang pang-ekonomyang pakikibaka ng mangagawa tungong pampulitikang pakikibaka na naglalayong magtamo ng reporma at sa pinakaultimo, rebolusyonaryong pagbabago sa lipunan.

Kailangang ubos-kayang magsikap ang mga manggagawa na labanan ang *red-tagging* at pasismo ng estado at igiit ang kanilang karapatang magbuo ng unyon o anumang organisasyong masa sa loob ng kanilang mga pagawaan at komunidad. Dapat na magtayo ang mga kawani ng gubyerno ng kanilang progresibo't militanteng unyon o mga katulad na samahan upang maigiit ang kanilang panawagan para sa P33,000 buwanang sahod. Dapat na ubos-kayang isulong ng mga manggagawa ang kaseguruhan sa trabaho at wakasan ang kontraktwalisasyon. Dapat aktibong labanan ng mga manggagawang kontraktwal ang higit pang pambubusabos sa kanila ng mga kapitalista sa pamamagitan ng pagtatayo ng mga samahan o liga ng mga manggagawang kontraktwal.




Dapat na pamunuan ng uring manggagawa ang pakikibaka ng uring anakpawis upang gapiin ang paghahari ng imperyalismo na siyang ugat ng daan-taong paghihirap ng aping mamamayan ng daigdig. Ang papatinding pambubusabos at kahirapan ng manggagawa ay nagtutulak sa kanila na magtanggol at lumaban. Pinatutunayan ng mahabang kasaysayan ng pakikibaka ng uring manggagawa na hindi hiwalay ang kanilang pakikibaka sa pambansa-demokratikong pakikibaka ng sambayanang Pilipino. Dapat palaganapin ang paaralang MLM sa loob ng mga pagawaan upang itaas ang pampulitika at makauring kamulatan ng mga manggagawa.

Sa pamamagitan ng pagtatayo ng mga rebolusyonaryong unyon, namumulat ang mga manggagawa sa kanilang makauring pakikibaka at napapanday sa paglaban sa buong sistemang kapitalista. Nagsisilbi itong isang malakas na muog ng pambansa-demokratikong rebolusyon at tumatanaw sa kasunod na yugto ng sosyalistang rebolusyon. Ang pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan sa Pilipinas ay magsisilbing inspirasyon sa iba pang mga aping bansa at lilikha ng dagok para sa imperyalismong US at sa buong sistemang kapitalista. K

# El Niño, nanalanta sa MIMAROPA

Dagok sa kabuhayan ng mamamayan ng MIMAROPA ang pangunahing epekto ng matagal na tagtuyot at grabeng init ng El Niño. Iniinda ng mga magsasaka ang pagkasira ng mga pananim pangunahin ng palay.

Halos 400,000 indibidwal mula sa higit 81,000 pamilya sa 553 barangay sa MIMAROPA ang itinala ng GRP na biktima ng kalamidad na hatid ng El Niño. Mayorya sa mga ito ay mula sa Palawan (34,6660) at isla ng Mindoro (39,362).

Higit bilyong piso ang pinsala sa agrikultura sa MIMAROPA. Nitong Mayo, tinayang higit ₱934 milyon ang halaga ng palay na nasira at higit ₱21 milyon ang sa ibang pananim sa Palawan. Sa sobrang init ay nagkaroon ng *bushfire* o mabilis na kumalat na sunog sa Puerto Princesa City at mga bayan ng Coron at Aborlan noong Abril 16.

Sa isla ng Mindoro, pinapasan ng mga magsasaka ang epekto ng tagtuyot sa kanilang pananim at pagkain. Umagaw ng pambansang atensyon ang tama ng El Niño sa dulong bahagi ng isla tulad ng Bulalacao na nagtala ng ₱87 milyong halaga ng pinagsamang pinsala ng palay at sibuyas sing-aga pa lang ng Marso.

Ayon naman sa mga katutubong Mangyan, hirap sila sa pagkain dahil mistulang "tinunaw" ng init ang kanilang mga tanim na kamoteng kahoy, saging at iba pang lamang ugat. Nanuyo rin ang mga sapa at bukal kaya kailangang lumayo upang mag-igib. Sa karaniwan, inaabot ng kalahating oras ang paglalakad papunta sa igiban ng tubig.

Sa buong bansa, pumalo na ng ₱9.5 bilyon ang halagang nawala sa agrikultura, ayon sa Department of Agriculture (DA) nitong Mayo. Halos kalahati nito (48.47%) o P4.6 bilyon ay pinsala sa palay.

"Hindi sinsero ang reaksyunaryong gubyerno ni Marcos II na harapin at lutasin ang mga problemang dulot ng El Niño. Nagkukumahog itong punan ang pangangailangan para sa tubig ngunit huling-huli na. Natuyo na ang 64.4% ng kabuuang tanim na palay sa bansa," pahayag ng NDFP-Southern Tagalog noong Abril.

**Kulang na ayuda**

Ipinagmamalaki ng gubyernong Marcos II at ng DA ang mga ipinatupad nitong interbensyon sa mga magsasaka at mangingisda na apektado ng El Niño na halagang ₱5,000 na ayuda at mga tulong sa produksyon at patubig. Sa ulat nito para sa Mayo, nagkakahalaga na ng ₱2.37 bilyon ang mga interbensyon. Mayroon ding halagang ₱20,000 na *insurance* mula sa Philippine Crop Insurance Corp. na makukuha lamang kung mapatunayan ng magsasaka o mangingisda ang pinsala sa kanyang kabuhayan.

Kung mamamayan ang tatanungin, palpak ang tugon ng DA sa El Niño. Kakaunti ang nakakakuha ng ayuda o *insurance* dahil marami sa mga maralitang magsasaka ang hindi rehistrado sa DA at mahihirapan sa rekisitong paglalahad ng katibayan ng tinamong pinsala. Ang mas malaking halaga ng "tulong" na inaalok ng DA na ₱25,000 ay pautang sa ilalim ng Programang Sure Aid Loan ng DA.

Ayon sa isang maralitang magsasaka mula sa Oriental Mindoro, anim na kilong bigas, asukal at ilang *grocery* lamang ang ipinamigay na tulong sa kanilang baryo. Hindi umano siya kwalipikado na tumanggap ng cash dahil masyadong maliit ang kanyang lupang sagingan.

May kaso ring hindi tugma ang mga alok na tulong sa kalagayan ng lugar. Halimbawa sa Bulalacao, namigay ng *fuel subsidy* para sa mga *water pump* ngunit hindi rin napakinangan ng mga residente dahil wala nang mahigop na tubig ang mga makina. K

BANTAY KARAPATAN

## Pasismo laban sa isang kabataang lider at mga estudyante, kinundena

Mahigpit na kinukundena ng mamamayan ng TK ang panghaharas at pananakot ng mga pwersa ng reaksyunaryong estado sa isang kabataang aktibista sa Cavite at sa mga estudyante sa mga hayskul sa Rizal nitong Mayo.

**Cavite.** Pinag-iinitan ng NTF-ELCAC ang aktibistang si Paolo Tarra, isang lider estudyante sa De La Salle University - Dasmarinas (DLSU-D) at boluntir na tagapagtanggol ng karapatang tao sa probinsya. Batay sa mga ulat, pumupunta ang mga ahente ng *task force* sa bahay ni Paolo at kinakausap ang kanyang mga magulang hinggil sa pagiging aktibista ng kanilang anak. Nagpapakita pa umano ang mga ito ng mga litrato ni Paolo sa mga rali.

Pinakahuling "binisita" ng NTF-ELCAC ang bahay ni Paolo noong

Mayo 3, subalit Pebrero pa nagsimula ang panghaharas sa kabataan at kanyang pamilya. Niloko pa ng mga ahente ng NTF-ELCAC ang mga magulang ni Paolo at nagpakilalang mga *"army reservist"* sila. Pilit ding humingi ang mga pasista ng personal na impormasyon at mga dokumento tulad ng *birth certificate* ni Paolo. Nagbabanta ang mga ito na kakausapin si Paolo upang pigilan umano ang kabataan na "mamundok".

Ang panghaharas ng NTF-ELCAC ay sinuhayan ng panggigipit ng administrasyon ng DLSU-D kay Paolo at bantang pagtitiwalag dito mula sa unibersidad. Si Paolo ang *coordinator* ng Coalition of Concerned Lasallians, isang organisasyon na nagsusulong ng demokratikong karapatan at kagalingan ng mga estudyante sa DLSU-D.

**Rizal.** Mariing binatikos ng mga organisasyon ng kabataan at mga guro ang 80th IBPA at DepEd-Rizal na nasa likod ng serye ng kampanyang *red-tagging* laban sa mga progresibong grupo at panghihimasok sa mga hayskul sa probinsya. Ipinatupad ito sa ilalim ng Community Information Awareness and Approach Program (CIAAP) na nilikha sa bisa ng Provincial Resolution 2023-3 ni Gov. Nina Ynares. Pinahihintulutan nito ang pagpasok ng mga sundalo sa mga eskwelahan lalo sa mga *senior high school* at paglulunsad ng mga *"seminar"* dito.

Tampok nitong buwan ang pagpasok ng 80th IB sa Cainta Senior High School at Taytay Senior High School noong Mayo 22 at sa Antonio Esguerra Senior High School noong Mayo 23. Naglunsad ang mga pasista ng *seminar* kung saan siniraan ang Anakbayan, Kabataan Partylist at iba pang progresibong organisasyong pang-kabataan. Binansagang "terorista" ang mga nabanggit na organisasyon.

Sa mga hayskul, namigay ang militar ng mga polyetong malisyosong nag-uugnay sa mga ligal na organisasyon sa mga "CTG" *(communist-terrorist groups).* Nakasaad din sa mga babasahin ang kahibangang "akto ng terorismo" ang pagsama sa mga rali at talakayan tungkol sa mga isyung panlipunan.

Nagulantang ang mga estudyanteng pilit pinadalo sa mga aktibidad na ikinubli sa katawagang *"leadership training".* Habang isinasagawa ang mga *seminar* ay pinalibutan ng mga militar ang mga eskwelahan.

Kinundena ng mga kabataan at guro sa pangunguna nina Kabataan Partylist Rep. Raoul Manuel at ACT Teachers Partylist Rep. France Castro ang panghihimasok ng mga militar sa mga eskwelahan. Iginiit nilang hindi dapat aksayahin ang pondo ng bayan sa mga ganitong aktibidad ng AFP.

Samantala, iniulat ng NDF-Rizal ang iligal na okupasyon ng 80th IBPA sa isang eskwelahan sa Sityo Kwinaw, Brgy. Puray, Montalban sa parehong buwan. Bastos ang mga sundalo na nang-aabala sa klase at bigla-biglang nagpapakita ng litrato ng "NPA" sa mga bata. Nakaduyan ang mga ito sa mga silid-aralan kahit na mayroon nang klase. K

## "Libreng" *wifi* sa Rodriguez, Rizal, para sa sarbeylans, hindi serbisyong publiko

Nangangamba ang mga residente ng Brgy. San Rafael, Rodriguez, Rizal sa ikinabit ng National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) na "libreng *wifi*". Nalantad ang nagbabalat-kayong serbisyo bilang sarbeylans sa mismong patawag ng NCIP sa mga residente ng Brgy. San Rafael noong Mayo 24.

Sa talumpati ng tauhan ng NCIP, inengganyo nito ang mga residente na gamitin ang *wifi* "para mag-*contact* sa NTF-ELCAC at mag-ulat ng mga bali-balita upang panatilihin ang kapayapaan ng barangay." Upang magamit ang *wifi*, kailangang mag-*log-in* sa isang *page* at ilagay ang pangalan, edad at kasarian.

Ayon sa Protect Sierra Madre Network, "Nakababahala ang pagpapatuloy ng notoryus na *whole-of-nation approach* ng EO 70 kung saan piyesa ng NTF-ELCAC ang anumang sangay at programa ng [gubyerno] para itulak lamang ang madugo nitong gyera kontra-'insurhensya' [laban sa mamamayan]. Nagdulot na ito ng patung-patong na kaso ng iligal na pag-aresto, pagdukot, at pamamaslang sa pangunguna ng mga militar lalo sa mga interyor na komunidad na tulad ng sa Brgy. San Rafael."

Dagdag ng grupo, ang militarisasyon sa lugar ay may kaugnayan sa konstruksyon ng Wawa Violago Dam sa Rodriguez. Ang Brgy. San Rafael ay kabilang sa mga baryong maaapektuhan ng iniraratsadang konstruksyon ng Wawa Violago Dam ng Prime Metro Power Holdings Corportation at San Lorenzo Ruiz Builders & Developers Group, Inc. na pagmamay-ari ng mga kroning Enrique Razon at Oscar Violago. Pinopondohan ito ng mga utang mula sa China kung saan kabilang sa nakakontrata sa disenyo, suplay ng materyal at konstruksyon ng dam ang PowerChina. K

## 3 kumpanya ng maruming enerhiya, tagapangalaga ng Verde Island Passage?

Malaking kabalintunaan ang desisyon ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) at Department of Energy (DoE) na pagkalooban ng *"stewardship"* o kasunduan ng pangangalaga sa Verde Island Passage (VIP) ang tatlong kumpanya sa enerhiya sa bansa na notoryus sa pangwawasak sa kapaligiran. Ang VIP ay bahagi ng Coral Triangle, ang tinaguriang sentro ng sentro ng *marine biodiversity* o laksang buhay sa karagatan ng buong mundo.

Ang mga kumpanyang itinalagang tagapangalaga ng VIP ay ang Aboitiz Equity Ventures (AEV) ng mga Aboitiz, Metro Pacific Investments Corp (MPIC) sa ilalim ni Manny Pangilinan at San Miguel Corp. (SMC) ni Ramon Ang. Ipinagyabang ng DENR at DoE ang kasunduan na anila'y "kauna-unahang *public-private partnership* sa pangangalaga sa kalikasan at konserbasyon ng ekosistema sa karagatan".

Tinuligsa ng mga progresibo at maka-kalikasan ang *"stewardship"* at tinawag itong paghuhugas-kamay ng mga kumpanya sa kanilang mga krimen sa kapaligiran. Kilala ang tatlong kumpanya sa paggamit ng *diesel* at *liquified natural gas* (LNG) sa mga planta nito ng enerhiya. Magkakasosyo rin ang AEV, SMC at MPIC sa proyektong planta ng LNG sa Batangas Bay na nagkakahalaga ng $3.3 bilyon.

Ang *diesel* at LNG ay kapwa *fossil-based* at yaong naglalabas ng *greenhouse gases* na nagkukulong ng init sa atmospera. Bagamat pinalalabas na "malinis" ang LNG kumpara sa karbon *(coal),* may mga ekspertong nagsasabing maaaring mas mapaminsala ito dahil malakas maglabas ng *methane* ang mga planta ng LNG. Marami ring tagas ang mga tubo ng planta ng LNG kaya't hindi madaling kwentahin ang polusyong dulot nito. Higit 80 beses ang kapasidad ng *methane* na magkulong ng init kaysa sa *carbon dioxide*.

Ayon sa Protect VIP, samahan ng mga grupong sibiko at maka-kalikasang personahe mula sa Batangas, dinudumihan din ng mga *fossil gas* na planta ang VIP at pinipinsala ang ekosistema.

"Tiyak na walang benepisyo sa [kalikasan] ang tambalang ito. Pagkakakitaan lamang nila ang ating masaganang rekurso," pahayag ng Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas. 🅺



Larawan mula sa Philippine Center for Investigative Journalism

## Unang taong pagkamartir nina Ka Hunter at Ka Mamay, ginunita

Iginawad ng Lucio de Guzman Command (LdGC)-BHB Mindoro ang pinakamataas na Pulang saludo sa isang taong anibersaryo ng pagkamartir nina Arc John "Ka Hunter" Varon at Nancy "Ka Mamay" Looy Yaw-an na namartir sa depensibang labanan noong Mayo 30, 2023 sa Brgy. Malisbong, Sablayan, Occidental Mindoro.

Ayon kay Madaay Gasic, tagapagsalita ng LdGC, "Isang taon mula nang sila'y paslangin ng mga berdugong sundalo ng 68th IBPA, nananatiling buhay ang kanilang diwa at alaala sa buong rebolusyonaryong kilusan. Ang kanilang buhay at pakikibaka ay inspirasyon namin sa araw-araw na pakikihamok sa kaaway at pagharap sa kahirapan, sakripisyo at kamatayan."

**Raling iglap sa PUP**

Naglunsad naman ng iglap-protesta ang mga kasapi ng Kabataang Makabayan (KM)-Kira Mindoro sa kampus ng Polytechnic University of the Philippines (PUP) sa Sta. Mesa, Manila noong Mayo 29 para gunitain ang unang anibersaryo ng pagkamartir ni Ka Hunter. Namahagi sila ng polyeto na nagpapakilala sa buhay at pakikibaka ni Ka Hunter. Ipinanawagan din nila sa mga kapwa kabataan at iskolar ng bayan na sundan ang yapak ni Ka Hunter at sumapi sa BHB.

Si Ka Hunter ay dating estudyante ng PUP na nag-aral ng kursong BS Chemistry. Doon, namulat siya sa tunay na kalagayan ng kabataang Pilipino at buong lipunan hanggang sa sumapi sa KM. Sumapi siya sa BHB Mindoro noong 2020 at ginampanan nang buong husay ang mga tungkuling iniatang sa kanya ng Partido. 🅺

# Sinamantalang salanta

ni Marlon Torres[1]

I

Sintayog ng katedral
ang mga along
hinulma ni Dante[2];
nag-aalimpuyo sa galit,
ano mang saglit
ang bangka ay 'di kaawaang
basagin, tabuna't lunurin

"Mapapatid ang lubid ng angkla!"
Tulad ng nanonood, nag-aalala
at nag-aabang sa isla,
kami ma'y nakikiramdam
naghihintay:
Ano mang pagkakamali
sa pagbalanse
pagtantya, pagsusuri,
maaari kaming pumaimbulog
sa tiyan ng karagatan
saka isuka't
durugin ng hampas
sa mga bato sa pasigan

Oo nga't kami'y patay na
bayuhin man ng bagyo
kami'y makinang
nakapirmi sa timon
nakatapak sa silinyador,
nakatuon sa katig
— determinadong
mekanikal gawin ng bawat isa
ang dapat niyang gawin.
Ano't nakaabang na sa kamatayan!
Pero hindi pa ngayon,
Hindi pa ngayon.

Pakikipambuno sa buhay
ang mahigit tatlong oras
hanggang sa ipadpad
ang salanta
sa kalma sa look

Kumpunihin ang pinsala
May magkukumpuni sa pinsala
sa timon, sa makina,
sa bangka

Oo nga't kami'y buhay pa!
Hindi pa dapat mamatay.
Hindi pa ngayon.

II

Padilim na nang
salubungin sa pier
ng mga taguring
alagad ng batas;
diumano'y sa kanila kumanlong
nang 'di na muli abutin
ng nakamamatay na alon

Pakai't paggamot
serbisyong pamarali
sa mga kalamnang basa't
katal sa lamig.

Pakapupurihang lubos
labis na pagkamabait
sa mga sinalanta't
ganito ang sinapit

Ngunit ang inakalang
pahingang himbing,
hindi pa ma't
walang tatlong oras,
kaluluwa'y gagambalain.
Makahatinggabi
nang sa aming pagkakahiga'y
walang kaluskos,
tahimik na tututukan
ng mahahabang baril

"Ano ang aming kasalanan?"
tanong naming hindi sinagot;
bagkus pinadapa't
pulsuha'y 'pinosas
pinatindig
at pinalakad palabas

Hinatid ng tutok ng baril
sa kaninang 'umano'y
pinagsalubunga'
pinagsagipan.

Gamit nami'y dinatnang nagkalat
talo pa ang kay Danteng
paghambalos, paghalwat.
Sa mga bunton
may mga itinanim,
at kalauna'y malalamang
mas maraming kinulimbat.

'Pagdaka'y sa karsel na
ipagtutulakan,
sa mga bintang at paratang
ipagdidiinan

Sumunod ang pagkahol
ng mga asong ulol,

nag-uunaha't nagkukumahog
sa mga mumong premyo,
kami ma'y
masindak at bumigay.

Kung sadyang matigas ang ulo,
angil nila'y dagdag na mga kaso
banta sa buhay
at mahal sa buhay.

Ano't muling nakaabang ang kamatayan
Pero hindi pa ngayon.
Hindi pa ngayon.

III

Samantala'y nakapaskil
ang palamuting garantiya
ng mga kodigo't batas,
handang isalamangka
ng mga payasong
nakagayak mahistrado;
husgang gantimpala sa nasalanta'y
palasyong magarbo
sa rehas at bato.

Ipinag-adya sa karagatang
umalimpuyo't nagngalit,
subalit sasalantahin
ng kung ano't
sa delubyong likas
mas masahol pa
ang pagkaligalig—
tao at likhang-tao,
ngunit walang katinuan.

Nakaamba ang pangamba,
panganib at kamatayan.
Pero hindi pa ngayon,
ang aking hininga.

Hindi
ang aking paninindigan
at paglaban,
hangga't humihinga.

*- Romblon MPS*
*Romblon, Romblon*
*12 July 2021*




---

*1 Si Marlon Torres ay kabilang sa Romblon 4 na dinakip noong Hunyo 3, 2021 sa isla ng Sibuyan, Romblon. Nakikibaka ang Romblon 4, kanilang mga kaanak at kaibigan para lumaya at maipabasura ang mga gawa-gawang kaso laban sa kanila.*

*2 Bagyong Dante*